

# Mensahe para sa lahat ng Mamamayan ng Prepektura STOP! "COVID-19 Harassment"

## **(1) Virus ang dapat labanan, hindi ang tao**

Kahit sino sa atin ay maaaring mahawahan. Ang taong nahawahan ay ang biktima at ang kaaway ay ang virus. Maging mapagmalasakit sa mga taong nahawahan, at sama-sama nating labanan ang virus.

## **(2) Malalaman kung ano ang dapat katakutan gamit ang wastong kaalaman**

Ang panahon kung kailan makakahawa sa iba ang taong nagkasakit ay "mula 2days ng paglabas ng sintomas hanggang sa 7~10days pagkatapos lumabas ang sintomas". Ang mga taong na discharge sa ospital ay hindi nakakahawa. Magkaroon ng "wastong kaalaman" at huwag iwasan ang mga tao o matakot kung hindi kinakailangan.

## **(3) Huwag katakutan ang Grupo o Samahang kinabibilangan ng taong nahawahan**

Sa prepektura, kapag nagkasakit ang miyembro ng isang grupo, lubusang inu- usisa ang mga close contact at agarang nagsasagawa ng inspeksyon. Hindi kailangang paalisin o katakutan ang taong nahawahan sa grupo.

## **(4) Huwag maglabas ng iresponsableng impormasyon**

Huwag pag-usapan o palakihin ang mga walang batayang tsismis o pagkalat ng mga walang katotohanag impormasyon sa SNS tungkol sa infected na tao. Bilang karagdagan, iwasan maloko ng maling impormasyon, haka-haka, atbp. Iwasan din magkalat ng mga naririnig o nakikitang bagay.